

Kinapa ni Christina Ylanan ang baril na nakasukbit sa gawing likuran ng kanyang baywang at sinigurong naka-unlock iyon. Anu't ano man ang mangyari, dapat nakahanda siya.

Sumilip siya mula sa pinagkukublihang poste kung may mga pedestrian nang saglit na iyon sa malawak na kalye. Nang makitang bakante ang daraanan, mabilis at tahimik niyang inakyat ang bakod ng bahay na may numerong 1764.

Ito ang tirahan ng kanilang suspect sa Tandang Sora. Ngayong gabi ay isasagawa ang pinakamapanganib na stake out na kanyang pinangunahan.

Sanay na si Ina sa pressure at sa peligro. Na-perfect niya ang sinasabing cool and calculated na kilos. Kaya nga siya may reputasyon bilang 'Iron Cupid', ang twenty-five-year old ace sniper, top graduate ng kanyang batch mula sa *Philippine College of Criminology* at protégé ng *NBI* trainer at kilalang weapons expert na si Major Soliman San Diego.

Hindi kasi pangkaraniwan ang kriminal na kanilang minanmanan. Si Kyle Magdayao ay dating

military-turned-mercenary, magaling sa explosives at hand combat, anak ng lider ng isa sa pinakamalaking drug cartel sa bansa at susi nila para matunton ang base ng grupo.

Ayon sa imbestigasyon, malaki ang involvement nito sa mga illegal transactions ng grupo. Ito ang humaharap sa mga international drug dealers, pati na sa matataas na opisyal ng gobyerno na kanilang binabayaran para hindi sila maisuplong.

Sa back door siya tumuloy. Naglabas si Ina ng mga kagamitan at sinungkit ang kandado. Pinihit niya ang doorknob at maingat na sumilip sa madilim na looban. Matapos tiyakin na wala ngang tao sa kabahayan, pumasok siya at saka muling ini-lock ang pinto.

"I'm in position," sabi niya sa maliit na mikroponong nakakabit sa lapel ng kanyang jacket.

"Okay." Boses iyon ng kanyang partner mula sa loob ng isang surveillance van na nakaparada mga limang kanto ang layo sa kanya. "Wait for our signal."

"Copy," aniya saka huminga nang malalim at saglit na pumikit, fighting the urge to throw up dahil sa sobrang nerbyos.

Kyle Magdayao to her was more than just a criminal under surveillance. Ito ay dati niyang kaibigan. No, hindi lang kaibigan. May nakaraan sila nito na nagsimula bilang katuparan ng mga pangarap at nauwi sa isang bangungot. Wala pa siyang minahal muli mula nang magtapos ang kanilang relasyon halos dalawang taon na ang nakakaraan.

Nagpakawala siya ng isang malalim na buntong-hininga saka nag-relax ng katawan para muling mag-focus sa naghihintay na trabaho. Iba nga lang ang pinatunguhan ng isip niya—bumalik iyon sa mga pangyayari six years ago.

Graduating student siya ng BS Criminology Major in Intelligence and Investigation. Ilan silang magkaka-

batch ang dumayo sa shooting range ng *PNP Academy* sa Silang, Cavite para mag-ensayo para sa nalalapit na practical exam na ibibigay ng kanilang commandant.

“Alam mo mas bagay sa iyong maging archer,” may nag-comment mula sa kanyang likuran.

Nilingon niya ang pinanggalingan niyon at inaninag ang bagong dating. Matangkad sa karaniwan ang lalaki. Unang tumambad sa paningin niya ang makintab na dog tag na nakalapat sa malapad at maskuladong dibdib na balot ng puting t-shirt. Naka-fatigue pants ito na nakapaloob sa combat boots. Obviously, hindi ito estudyante roon.

Inalis niya ang suot na protective visor at tumingala para makita ang mukha ng lalaki... Her breath got caught in her throat. The guy was more than good-looking, he was unnervingly handsome. Parang artista o model. Hindi nga yata bagay rito ang suot na uniform o ang maging kadete sa military. Mas nai-imagine niya itong half-naked at naka-shorts lang habang naglalakad sa beach.

Nagtaray si Ina bilang pambawi ng composure. “Ano naman ang kinalaman sa akin ng archery?”

“You’d make a deadly Cupid. Pakpak na lang ang kulang, tama na ang laki mo,” nakangiting sabi nito, noting her diminutive height.

Kung hindi okupado ang isipan ng academics na ginagawa, maiisip niyang pini-pick up siya nito. Ngayon, naisip niya lang na nakakadiri ang sense of humor ng binata.

“Do you mind?” aniya rito bago ibinaling muli ang atensyon sa nire-reload na .45 caliber at naghanda muling magpapatok.

Laking dismaya ni Ina nang mapansing hindi umaalis sa kinatatayuan ang estranghero.

“May kailangan ka pa ba?” taas-kilay niyang tanong habang hinahagod ito ng tingin mula ulo

hanggang paa.

“Wala naman,” tugon nito bago sumandal casually sa divider. “Natutuwa lang akong panoorin ka. Come to think of it, mula nang makita kitang dumating kanina, natuwa na ako sa iyo.”

Tumaas ang kilay niya. “Ganoon ba? Aba, baka gusto mong magbayad ng cover charge dahil hindi po libre ang comedy act ko.”

Natawa ang lalaki. Hindi niya alam kung bakit pero napatalon ang puso niya sa tunog niyon. At sa kislap ng mga mata ng kaharap.

“Your tongue is as sharp as your eye. Dapat yata akong mag-ingat,” anito.

“Talaga,” pairap na balik ni Ina.

She took aim and fired. Mintis.

Nadinig niya ang pagpalatak ng katabi.

“Excuse me, Mr. Mamang Presko,” muli niyang hinarap ito at nahuli itong umiling, “may exam ako bukas ng hapon. Kailangan kong mag-ensayo. Hindi ako natutulungan ng pagngisi-ngisi mo d’yan. Sa katunayan, nakakagulo ka. So kung puwede lang, ano, maghanap ka ng ibang pepestehin.” Hindi niya na-realize na nakapamaywang na siya habang nire-recite ang litanyang iyon.

Tumawa muli ang lalaki. “You’re so amusing, you know that? Bakit hindi mo na lang aminin na affected ka ng presence ko?”

Of all the self-absorbed asses on this earth! Bakit kaya siya ang napili ni Lord na pagkatuwaan ngayon at pinadalhan siya ng isang clown?

Padabog niyang ikinasa ang baril, bumaling sa shooting target at sunud-sunod na nagpapatok. Nang maubos ang bala, isinukbit ni Ina ang baril sa holster na nakasabit sa baywang, tinanggal ang visor at mufflers, at pinindot ang isang buton para ma-retrieve ang pinatamaang target mula sa layong fifty meters.

She snatched it off the hook, at pagharap muli sa binata, isinampal niya sa dibdib nito ang malapad na papel.

“In-imagine kong ikaw itong target ko,” singhal ni Ina sabay walk-out.

Tiningnan nito ang binaril niya at saka tumawa nang malakas. Iisa at malaki ang butas na pinag-ubusan niya ng bala. Nasa gitna ng ulo pero hindi bull’s eye.

Nang sumunod silang nagkita ay sa baluarte niya sa kolehiyo. Nasa tapat ito ng gate ng eskuwelahan at nakikipagkuwentuhan sa isang grupo ng mga babae mula sa lower batches. Nang mamataan siya ay bigla nitong nilayasan ang mga kausap para lapitan siya.

“Binibining Cupido,” tawag nito sa kanya na hindi niya pinansin. Naglakad lang siya habang patuloy itong sumusunod. “Miss Ylanan.”

Napatigil siya ngunit hindi agad humarap dito. How did he know her name?

“Gusto ko lang magpakilala sa iyo nang mas pormal. Bigla ka kasing nag-walk out n’ung isang araw,” anito.

“At bakit naman? Sa palagay mo, magkakainteres akong makilala ka?” Kumilos siya paharap dito. “Tingin mo ba guwapo ka sa suot...”

Napatigil siya nang tumambad sa paningin niya ang nakaburdang pangalan sa uniporme nito: Lt. Kyle Magdayao.

OMG, could she just die?

Napatayo tuloy siya nang tuwid at masama ang loob na sumaludo rito. “Begging your pardon, Sir.”

Muli nitong ipinakita ang nakakalusaw nitong ngiti bago sumagot, “I will accept your apology kung papayag kang i-date kita for dinner sa graduation mo.”

Bawal tumanggi sa isang senior officer. At paano ka rin ba tatanggi sa mga matang ganoon kalagkit

tumingin?

“Sir, yes, Sir,” nasabi na lang ni Ina.

Lalong lumawak ang ngiti nito. “Very good. At ease,” sabi nito at iniwan na siya.

In fairness sa binata, nanligaw ito. Halos araw-araw siyang pinadadalhan ng bulaklak. Tuwing hapon ay sinusundo siya, and by the time her graduation came, he had charmed his way into her heart and she had fallen in love with him. Pormal silang nag-anunsyo ng kanilang relasyon sa dinner party niya.

Pagkatapos ay nag-apply si Ina sa *National Bureau of Investigation*. In two years, isa na siyang full-fledged special investigator at excited na humawak ng unang kaso na nataong isang buy-bust operation.

Ayaw sanang ibigay sa kanya ang kaso at inakala niyang dahil sa baguhan siya. Pero maganda ang record niya sa training at matapos magpumilit ay napagbigyan siya. Nang mabasa ang case brief, nalaman niya kung bakit gusto ng kanilang regional director na sa iba mai-assign iyon.

Pangalan ni Kyle Magdayao ang nakalista bilang pangunahing suspek sa likod ng isang malaking shipment ng cocaine at shabu.

Pakiramdam ni Ina ay gumuho ang mundo niya noon.

“Kailan mo balak sabihin sa akin na anak ka ng isang drug lord?” asik niya nang sugurin niya sa tinitirhang apartment ang nobyo. Nagliliyab ang mga mata niya sa galit kahit nanatiling mahina ang boses niya.

Ni hindi nito itinanggi ang akusasyon. “I’m sorry, Ina. Kinailangan kong itago sa iyo ang maraming bagay. Malalagay ka sa peligro kung alam mo kahit kalahati lang ng katotohanan. Ayokong mawala ka sa akin. Mahal kita.”

“Shut up!” sigaw niya. “How dare you! Hindi mo

alam kung ano'ng ibig sabihin ng pagmamahal. Niloko mo ako all these years!"

"Marami akong hindi ipinagtapat, pero hindi kita niloko nang mahalin kita. Ina, please, just walk out of here bago ka mapahamak."

"Don't threaten me." Her voice had a dangerous edge into it.

"Ina..." Nagtangka itong lumapit kaya binunot niya ang kanyang baril at itinutok dito.

"Ayaw kitang pagtangkaan. Pero kung kinakailangan, hindi ako mag-aatubiling gamitin ito sa 'yo," angil niya; tears streamed from her eyes and she blinked them back furiously.

Tumitig lang ito, sinusubukang timbangin ang bigat ng kanyang banta. Pagkuwan ay ngumiti lang si Kyle nang mapait. "Hindi mo sasaktan ang taong nagmamahal sa iyo at minamahal mo."

"Hindi ikaw ang minahal ko. Wala na ang minahal ko." Ikinasa niya ang baril na nakatutok dito. "Mamili ka, Kyle. Tutulungan mo kami, o papuputukan na lang kita?"

Umiling ito nang marahan. Nakita niyang iginala ng binata ang mga mata para maghanap ng paraan upang makatakas. Before she knew it, naitulak na nito ang mesa sa harap niya dahilan para ma-off balance siya. Saka patakbong lumabas ng apartment ang lalaki at humarurot palayo ang gamit nitong motorsiklo.

Sinubukan niyang humabol, pero out of range na ang binata at useless kung papuputukan pa niya.

Binigyan siya ng personal security matapos ang insidenteng iyon dahil ayaw niyang tigilan ang pag-aaral sa kaso hangga't hindi niya nakakamit ang katotohanan.

Ngayong gabi iyon mangyayari; sisiguraduhin iyon ni Ina.

"Palipad na ang shiny red balloon."

Naputol ang kanyang pagmumuni nang marinig ang boses ng kanilang kapitan sa suot na communication set. Translated in layman's terms, ang ibig sabihin ng sinabi nito ay parating na ang kanilang hinihintay.

Ikinabit niya ang silencer sa nguso ng baril bago iyon ikinasa. Narinig niyang nag-click ang doorknob, nakitang pumasok ang lalaki, binuksan ang ilaw at nang lumiwanag, nagpakita siya rito.

"Hello, Kyle," kalmadong bati niya rito, her gun arm at elbow height.

Halatang nagulat ito pero madali ring nakabawi. "Agent Ylanan... Ano ang ginagawa mo dito?" Naupo ito sa sofa at ipinatong ang dalawang paa sa center table.

"Iyon pa din. May kailangan akong malaman at kung masasagot mo ito nang tama, baka matulungan ka pa namin na manatiling buhay."

Tumawa ang lalaki nang malakas. "At kung hindi, sasabihin mo sa aking napapalibutan ng mga tauhan ng team mo ang perimeter ng bahay at handa silang paulanan ng bala ang lugar na ito if I so much as make one false move."

Pinagtaasan niya ito ng kilay. "I am authorized to shoot you at any time, for any reason."

"Really?" Ibinaba nito ang mga paa sa sahig bago ipinatong ang dalawang siko sa magkabilang tuhod at tinitigan siya. "Kung kaya mo akong paputukan. You've failed once before, remember?"

Tiningnan niya ito nang matalim. "Wag mo akong subukan."

Muli itong tumawa nang malakas saka tumayo para tunguhin ang refrigerator. Kumuha ito ng isang lata ng *San Mig Light*, binuksan iyon at uminom bago muling nagsalita, "Ano'ng kailangan mong malaman?"

"Kailan at saan darating ang cargo shipment ng illegal drugs na manggagaling sa Nicaragua?"

Nagkibit ito ng balikat. “Wala akong alam sa sinasabi mo.”

“Saan ang base ng operations ng drug cartel?”

“Christina, akala ko ba matindi ang intelligence ng ahensya, bakit kailangan mo akong sumagot sa mga iyan?” Naglabas ito ng isang pack ng *Marlboro* filters. He held it out to her then said, “Oo nga pala, you don’t smoke. May bisyo ka ba at all?”

“Baka nakakalimutan mo, ako ang dapat nagtatanong dito,” nakataas ang isang kilay na aniya.

Sinindiha nito ang isang stick, humitit nang malalim at nagbuga ng usok. “Wala akong maisasagot sa tanong mo kaya kung wala na tayong pag-uusapan, makakabuti siguro kung aalis ka na.”

“Uulitin ko, Kyle. Either sabihin mo sa akin ang detalye ng shipment o bigyan mo ako ng lead para matunton namin ang kuta ng cartel.”

“Hinahamon mo ba ako?” He stepped closer to where she stood intending to intimidate.

She gave a warning shot. Tinamaan niyon ang flat screen TV.

Tumigil ito sa paglapit. “Hindi ko uulitin iyon, kung ako sa iyo.”

“Hinahamon mo ako?” balik ni Ina.

“This place is wired. Kapag nagkamali ka ng patama, sasabog ang buong lugar, kasama ka.”

“I’ll take my chances. Sagutin mo ang tinatanong ko.”

“Over my dead body.”

“Kung iyon ang gusto mo.” Ibinalik niya sa pagkakatatok sa ulo nito ang armas. “Ayaw mong magbago ng isip?”

Tumawa muli si Kyle nang malakas bago isinilid ang upos ng sigarilyo sa nabakanteng lata ng beer. “Tama na, Ina. Hindi bagay sa iyo.” Tumayo ito. “I need to go, bahala ka nang mag-lock up kung tapos ka

na,” anito saka tinungo ang direksyon ng pintuan.

Hinarangan niya ang binata pero ibinaba niya ang kamay na may hawak na baril. “Saan ka pupunta?”


Ngumisi ito. He was but a few inches in front of her. “Hindi ka ba tinuruan na malaking pagkakamali ang magbaba ng armas?”

Ilang saglit silang nagtitigan. Pagkatapos ay napansin niya ang pag-flinch ng muscle sa kanang balikat nito.

Dalawang baril ang pumutok. One bullet hit flesh, the other hit a detonator.

Isang malakas na pagsabog ang pumailanlang sa buong lugar na iyon.





Prologue

“Hi, Honey!”

Mula sa dagat ay ibinaling ni Michael ang paningin sa nagsalita. Tinanggal niya ang shades para makita itong mabuti.

Nakapuwesto siya sa table for two na naka-set-up sa buhanginan sa harapan ng *Cafe Breizh* sa Boracay pero wala siyang kasama.

“I’m sorry?” patanong na tugon niya dahil wala siyang ideya kung sino ang babaeng kaharap.

Hinalikan siya nito sa pisngi bago inokupa nang walang imbitasyon ang upuan sa tapat niya. “Parang awa mo na, magpanggap ka na kilala mo ako,” anito.

“Ha? Why would I do that?”

“Huwag ka munang mag-Ingles. Ipapaliwanag ko sa Tagalog para hindi niya maintindihan.”

“Sinong niya?” Nakuha nito ang atensyon niya. Na-curious siya kung ano ang ibig nitong palabasin.

“Iyong Aleman sa likuran mo. Natatakot na kasi ako dahil kahapon pa nangungulit. Sinabi ko na nga na may kasama akong boyfriend pero ayaw pa ring maniwala, eh.”

Napatangu-tango si Michael.

Hindi niya masisi ang German na magpursigi sa babae. Sa suot na puting two-piece swimsuit at pink na tapis, kitang-kita ang magandang kurba ng katawan nito. May maliit na henna tattoo pa ng paru-paro sa bandang itaas ng kaliwang dibdib na hindi na niya gustong isipin kung paano inilagay roon ng tattoo artist. Mahaba ang itim na itim nitong buhok at makinis ang morenang kutis na alam niyang kinababaliwan ng mga foreigners. Kung hindi siya nagkakamali, nasa early twenties lang ang edad nito.

Yes, the girl was a stalker's fantasy.


Puwede siguro niyang aliwin ang sarili. “Ano’ng kailangan kong gawin?”

“Wala naman masyado. Umupo ka lang diyan at magpanggap na ako ang pinakamagandang babae sa buong mundo para sa iyo at wala kang balak na pakawalan ako.” Nakangiti ito na para bang ang pinaguusapan nila ay lambingan ng magnobyong.

Dahil nakalabas ang dalawang dimples nito at nakangiti ang magagandang mata—cat’s eyes, iyon ang maaaring itawag sa mga iyon, hindi mahirap magpanggap na ito nga ang pinakamagandang babae sa buong mundo.

“All right,” payag niya, sabay suot uli ng shades.





“Pammy, you won’t believe this!” tili ni Cate sa telepono habang kausap ang kaibigang nasa Maynila. “I met someone absolutely gorgeous. As in hot-gorgeous, drool-worthy-gorgeous.”

“Cate, slow down. May nakilala ka saan?”

“Dito.” Hindi niya sinabi na siya ay nasa isang hotel sa Boracay.

“Saan nga ‘yung dito? Cate naman, huling nag-text ka sa akin, sabi mo nasa airport ka and you are leaving Manila para mag-hibernate. Hindi ko alam kung saan mo balak gawin itong hibernation mong ito. Alalang-alala na ako rito ‘tapos tatawag ka out of nowhere...”

“Pam, hindi ko puwedeng sabihin kung nasaan ako. Kapag sinabi ko sa iyo at naisipan akong hanapin sa ‘yo ng pamilya ko, hindi ka tatantanan ng mga iyon hangga’t hindi ka umaamin.”

Nagbuntong-hininga ang nasa kabilang linya. “Kanina pa nga tumatawag ang ate mo. Di mo raw sinipot ‘yung graduation dinner mo sa bahay. Bakit mo ba ginagawa ito? Kung napipikon ka pa rin dahil sa nangyari noong graduation day natin—”

Pinigilan niyang magpakawala ng hysterical na

tawa. “Look, pikon doesn’t even begin to explain how I felt. I am really upset. As usual, ginamit lang ng daddy ko ang okasyong iyon para magpabango sa publiko, para mapanindigan niya ang election campaign niya bilang the *family man*, imahe ng isang mapagmahal at mapagkalingang ama.”

“Siyempre, bilang anak niya, in-expect niyang mag-cooperate ka, lalo na’t ikaw ang bunso nila.”

“Hello? Nakisama naman ako, di ba? I acted like the happy, beloved daughter. Pumayag pa nga akong pa-interview sa TV at sinabi ko rin lahat ng dapat sabihin ng isang mabait na anak tulad ng ‘I owe this to my loving father and supportive family’.”

“Oo nga,” sang-ayon ni Pammy. Nasa tabi niya ito during the interview.

“Pero ano’ng nangyari? Nang mawala ang mga cameras at reporters, nawala na rin ang *entire loving and supportive family*. Limang kotse ang dala nila all in all sa event. Ni isa wala man lang nakaalala na hintayin ako para ihatid pauwi. Seriously. Napalingat lang ako, nawala na silang lahat. Hindi ka ba maa-upset kung nagkulong ka sa CR hanggang makaalis lahat ng tao para lang walang makaalam na iniwan ka ng sarili mong pamilya sa sarili mong graduation rites at kailangan mong mag-commute pauwi? I know it took me six years to finish the darn course but it was still my graduation.”

“I’m sorry about that,” anang kaibigan.

Naririnig niya sa boses nito ang pagkaawa sa kanya pero binale-wala niya ito.

“Tapos, they have the nerve na sabihin sa akin na required akong sumama sa kampanya?”

Number twelve sa senatorial race ayon sa huling survey ang daddy ni Cate. Pasang-awa iyon. Alam nito na malaki ang kailangan para hindi malaglag sa magic twelve kaya naman nangangarag ito sa

pangangampanya at pagmi-maintain ng public image.

“No way. Ang plano ko ay mag-stay kung saan ako naroroon ngayon hanggang matapos ang eleksyong ito dahil wala akong intensyon na makisali sa political circus nila ni Mommy. The truth is, I don’t even care if he landed number twenty-four. Mas mabuti pa nga dahil kung matalo siya, baka sakaling maging normal na ang pamilya ko.”

Well, a semblance of normality anyway, dagdag niya sa isip.

Kahit kasi hindi manalo ang ama ay unopposed naman ang mommy niyang congresswoman kaya may matitira pa ring politiko sa pamilya kahit ano pa mang kahinatnan ng kandidatura ng daddy niya.

“Naiintindihan naman kita. Pero sana lang hindi ka masyadong impulsive baka mamaya diyan ka mapahamak,” sabi ni Pam.

“I can take care of myself,” sabi niya.

“Hay, naku! Winner ka talaga sa patigasan ng ulo.” As if na-realize na pointless makipagtalo sa kanya, binago nito ang usapan. “Sige na nga, ano na nga’ng sinasabi mo tungkol sa lalaking ito?”

Despite herself, Cate smiled.



Nakilala niya si Michael dahil desperado siya.

Dahil sinabi niya sa isang German stalker na may boyfriend na siya. “I’m sorry but my boyfriend already arrived and he is waiting for me. In fact, we are having breakfast together,” paliwanag niya nang abutan ito sa lobby ng hotel na tinutuluyan niya, naghihintay para sumama sa kanya.

Ngumiti lang ito. “That’s okay. I’ll just follow you and see that you meet him. Just in case he is not there, I’ll be here for you, baby.”

Eww.

Hindi naman sa pangit ito, pero mayroong kung ano sa personalidad nito na hindi siya komportable. Parang may pagnanasa yata sa kanya.

Kaya para iwasan ito, naglakad si Cate patungong direksyon ng Station 1 nang hindi sigurado kung ano ang gagawin. Alangan namang lapitan niya iyong mga bangkero. O iyong mamang nagtitinda ng perlas.

Iniisip na niyang she was going to settle for a waiter kapag wala pa siyang nakitang lalaki na papasang boyfriend niya.

Bakit ba naman kasi ang konti ng tao sa beachfront kapag umaga? himutok niya.

Nasa ganoon siyang predicament nang makita niya ang lalaki. Parang sinadya na mag-isa lang ito sa isang table for two.

He was tall, handsome and absolutely perfect.

“Hi, Honey,” bati niya rito na para bang siya talaga ang hinihintay nito roon.

Tinanggal nito ang shades and she found that his eyes were deep.. so deep she could actually drown in them.

“All right,” pagpayag nito sa gusto niya.

At nagpanggap nga silang sweet sa isa’t isa.

“Poor guy,” sabi nito nang napansing umalis na nanlulumo ang lalaking kanina ay sumusunod sa kanya.

She leaned over and kissed his cheek. “Thank you, thank you, thank you,” paulit-ulit niyang sabi. “Sobrang thank you. I owe you. I swear. I’ll do anything you want.”

Ngumiti ito, the edge of his lips curving upward. “Alam mo dapat mag-iingat ka sa pagbibigay ng ganyang offer.”

Na-realize ni Cate ang insinuation sa sinabi nito. Namula ang pisngi niya. “Ikaw naman. Alam mo ang ibig kong sabihin, di ba? But really, super thank you

from the bottom of my heart.”

“You’re welcome. And you are also welcome to join me for breakfast,” alok nito.

Tila sagot sa pagbanggit nito ng breakfast, narinig niyang nagreklamo ang kanyang tiyan. Nang nakaraang gabi pa siya hindi kumakain nang maayos dahil sa Aleman na iyon.

“Huwag na. ‘Kakahiya naman sa iyo.”

“Sige ka. Makasalubong mo ulit ‘yung German admirer mo.”

Naisip niya rin iyon. “Sigurado ka bang okay lang talaga? Wala bang lalapit sa atin para sabunutan ako?”

Natawa ito. “Wala. Mag-isa rin ako, actually. My name is Michael, by the way.”

May nakapagsabi sa kanya dati na irresistible raw ang ngiti niya. Kaya nginitian ng dalaga nang pagkaganda-ganda si Michael.

“I’m Cate.”

Pagkatapos mag-agahan ay naghiwalay na silang dalawa. Paulit-ulit ang pasalamat niya rito nang magpaalam.

Kaagad siyang tumawag kay Pam upang ikuwento rito ang nakilala. Sobrang wala sa expectation niya na magtatagpo pa ulit ang kanilang landas nang gabing iyon.

Nandoon siya sa isang beachfront bar, malayo sa entablado kung saan kumakanta ang isang singer sa saliw ng sariling gitara. May mga nakalatag na banig sa buhangin at sa ibabaw niyon ay may maliit na lamesa at malalaking unan. Ilaw ng kandila lamang ang nagpapaliwanag sa lamesa.

Doon niya naisip magpalipas ng oras habang umiinom ng *San Mig Light*.

Sa kabila ng reputasyong hindi niya alam kung paano niya nakuha, mas gusto niya ang mga tahimik na gabi tulad nito kaysa sa maiingay at magugulong

parties. Gustong-gusto ni Cate ng acoustic music lalo na at sinasabayan ng tunog ng alon at nakatingin siya sa maliliit na ilaw at ang mga bangkang nakahimpil sa dalampasigan, at malamig na hanging tumatama sa mukha niya.

“May pinagtataguan ka na naman ba kaya ka nasa dilim?”

Nakilala niya ang boses ng nagsalita bago pa man siya tumingala para tingnan ito.

“Hi! Upo ka,” imbita niya rito.

Umupo si Michael sa tapat niya. “Salamat.”

“Akala ko busy ka pa rin hanggang ngayong gabi,” aniya. Nabanggit nito na may mga kailangan itong asikasuhing business bago sila maghiwalay kanina.

“Hindi naman. Nakipag-meeting lang ako kaninang hapon. The contracts will be drawn tomorrow and then... Oh, I’m sorry, I’m not supposed to bore you with my work.”

“Okay lang.” Naghalumbaba si Cate sa lamesa.

“Ano na nga ba’ng ginagawa mo rito?”

Lumapit noon ang waiter para kunin ang order ni Michael. Um-order din ito ng isang beer bago ibinalik ang atensyon sa kanya.

“May biniling property rito ‘yung law firm where I work. Gagawing company resthouse. I am here para ayusin lang ang documentation ng transfer.”

“Law firm? You are a lawyer?”

Ngumisi ito. “Guilty.”

Tumangu-tango si Cate. “I see. Do you enjoy working for this firm?”

“I enjoy being a lawyer. And this is the best one to start a career in law with,” sabi ng lalaki.

“Ay, parang alam ko ang istoryang ito. Let me see, in this firm, mga one hundred kayong applicants pero ikaw lang ang natanggap?”

“Well, yeah. Actually, there were about two

hundred.”

“Wow! That’s impressive.”

“I guess.” Dumating na ang order nitong beer. Ininom nito iyon. “Ikaw, what do you do?”

“Wala pa. I just graduated.”

“So this is your graduation treat?”

“You can say that.”

Tumawa si Michael. “You aren’t going to tell me anything about yourself, are you?”

Nagkibit-balikat siya bago itaas ang bote ng beer sa kanyang bibig. Pagkainom ay muli niya iyong inilapag sa lamesa. “Not much to tell.”

Para namang kaya niyang ikuwento ang nanay at tatay niyang politiko at ang buong dysfunctional niyang pamilya sa isang estranghero.

“Halika, lakad na lang tayo.”

“Sure.” Tinawag nito ang waiter para kunin ang bill at magbayad.

“I love Boracay,” sabi ni Cate habang tahimik silang namamaybay sa beach. “Ang mga friends ko ay ayaw na rito kasi masyado na raw commercialized. Pero ako, it feels as though parang may tumatawag sa akin lagi para bumalik dito. Ikaw? Lagi ka rin bang pumupunta rito?”

“Actually, it’s my first time here.”

“Really?” sabi ni Cate. “Oh, well, I could imagine studying to be a lawyer took too much of your time.”

“Among other things,” sang-ayon nito.

“Alam mo ba kung ano’ng pinakagusto ko rito?”

“Ano?”

“Shh...” sabi niya. “You have to listen to it...” Ipinikit niya ang mga mata para makinig sa tunog ng dagat. “The sound of the waves. That’s what I love best.”

Nang muling magmulat siya ay natagpuan niyang nakatitig si Michael sa kanya.

“You are supposed to be listening,” sita niya.

“Nakinig naman ako. Kaya lang...” His voice trailed off.

“Kaya lang?” pangungulit ng dalaga.

“I’d really rather watch you,” sagot nito.

Nagpasalamat siya na itinago ng kadiliman ang pamumula ng kanyang pisngi.

“Lawyers,” biro niya.

“What did you say?”

“Sabi ko, kayo talagang mga lawyers, magaling kayong mambola.”

“Marami ka bang kakilalang lawyers?”

“I know enough,” sagot ni Cate.

“And?”

“Baka you are the first one I will like.”

Ang lakas ng tawa ng kausap.

Nang lumalalim na ang gabi, may pakiramdam siyang ayaw na lang nilang maghiwalay. Kanina pa sila naghahalinhinan sa paglalakad o kaya naman ay pag-upo sa mga bars na bukas pa sa beachfront. Wala naman silang profound na pinag-uusapan, kung ano lang mga napapansin sa paligid.

Kanina, habang naglalakad sila, hinawakan nito ang kamay niya at hindi pa rin nito iyon binibitawan.

“I think it’s way past your bedtime,” sabi ni Michael nang mapansin nito na namumungay na ang mga mata niya sa pinaghalong antok at epekto ng nainom niya. “I’ll walk you to your hotel.”

She smiled more to herself. “And tuck me in and kiss me goodnight,” mahinang bulong niya.

Narinig nito ang sinabi niya. “Ano ‘yon?”

“I didn’t say anything,” tanggi niya.

“May sinabi ka, hindi ko lang masyadong naintindihan.”

“Lasing ka lang. You are imagining things,” aniya.

“Hindi ako lasing at all. Look at me, Cate,” utos

niya.

“Bakit?” Hindi niya pa rin iniaangat ang mukha.

“Because I don’t think tucking you in will be a good idea. The kiss is okay. But I can’t kiss you goodnight if you keep on looking down. And I really do want to kiss you.”

Tumingin siya noon sa mukha ng binata at bago pa man lumapat ang mga labi nito sa kanya, alam na niya...

Ang estrangherong nakilala niya lamang kaninang umaga, si Michael ang lalaking mamahalin niya.

